Why 50 years? As I mentioned earlier, the 50 years have been divided into five phases of 10 years each. The 50 years is more about having a research agenda that everybody can identify with. It is envisioned as a long-term research effort spanning many years. Essentially, 50 years is both a long-term research commitment and call for action that may be modified to take account of regional, national and international dynamics.

Newsette: The creation of CDRP somehow provided DLSU-D faculty with a direction on research topics and objectives. Given your background and experience, tell us: what qualities does a good research have? What conditions must a university setting such as DLSU-D have in place in order to ensure our researchers produce only high-quality research outputs?

WO: When you are in a university and when you have ambitions about

research, you want to conduct research works that are on the frontiers of new knowledge. What are the latest innovative things about education? What is it about food these days? What is it about poverty? These are on the frontiers of new knowledge.

A good research must be relevant—possessing the capacity to solve real-world problems. It must also be scientifically sound and has been reviewed by peers. It should be compliant with ethical compliance dimensions, and can be published in professional journals.

We have a modest research infrastructure and one that can be improved. More investment is needed for laboratory in the sciences and engineering to bring our equipment to the level of world-class. We have an outstanding research incentive system for faculty that is comparable to any good university in the Philippines. A faculty can get about P40,000 for publishing in high-end journals. Additionally, we encourage faculty to attend re-tooling workshops and support faculty paper presentation in international conferences.

Doing good research requires strong technical background. We must continue to encourage faculty to complete terminal degrees from reputable universities in the Philippines and abroad.

Newsette: In light of DLSU-D’s University status and Level IV accreditation with PAASCU, how do you assess the current research culture at DLSU-D? If it was all up to you, how would you improve on this?

WO: There is no doubt that we have improved tremendously over the years—both in quality and in awareness.

When you are in a university with ambitions about research, you want to conduct research works that are on the frontiers of new knowledge.

to page 18

But, when you are autonomous and with Level IV PAASCU accreditation, teaching alone is not enough. Research is an important part of the University's trifocal function, i.e., research, teaching and community service.

Of the three, research is actually the starting point because this is where we generate the knowledge. It's not enough to teach theories. We have to know, how do the theories relate to reality? The point where we generate this knowledge is actually in research. And then, we disseminate the knowledge when we teach, making teaching evidence-based. And the application of the research happens when we extend community service.

To maintain DLSU-D's Autonomous status, a certain percentage of our fulltime faculty must be actively engaged in research. So, it is not like we have any choice: we have to engage in research—and come up with quality research—if we have to keep our accreditations at the highest levels.

To improve upon where we are now will definitely take more than a one-pronged strategy, so a two-pronged approach makes sense. To improve on DLSU-D's current research, I would like to see more resources devoted to helping faculty members “raise the bar”

(raise the standards) in research.

The other approach is to require research skills as a condition upon hiring new faculty. From the start of their employment, new faculty should be conditioned to publish. So, when somebody comes in here and say, “I want to be employed to teach Psychology,” he should be asked, “Have you published a paper in Psychology?” If he says “yes,” then he makes a good candidate.

Now, let me address the first point on raising the bar. There is no question that universities are multi-purpose organizations requiring many outputs: research, teaching, community service. Essentially, faculty must balance their roles as teachers and researchers. What we have done in the research office is give our faculty the option to get a reduced teaching load in exchange for doing research. I believe that this strategy is one pathway to help our faculty produce quality research in an environment where faculty must devote time for both research and teaching.

Another area that we need to focus on is increase endowment for research. Good researchers with outstanding track record in research are attracted by research endowments. As we venture into international accreditations, at the very least, we are going to have to “raise the bar” in research even more.

Newssette: What tips/advice would you give researchers and would-be researchers if they want to pursue—and do good with—a CDRP research?

WO: CDRP has many research topics that are either interconnected requiring interdisciplinary collaboration or single-discipline focused topics. There is something for everyone. As a way of advice, let me say a few things that work for me. I have noticed over the years that my level of interest in a research area is usually a good predictor of my commitment to the research work.

Secondly, I would evaluate whether

We have to engage in research, and come up with quality research, if we have to keep DLSU-D's accreditations at the highest levels.



the research would make reasonable contributions—“Can this research solve a specific problem?” Because basically, the questions I’d like to ask a researcher when I see his work are, “What are you trying to do? What exactly do you want to achieve with this?” At that point, it’s not about the research’s title; it’s about the research objective. When you publish in high-impact journals, the editors want to hear a good story, a new story. Something that has the capacity to contribute. Something that has the “so what?” factor.

Finally, a good research is a done research. There must be accurate allocation of time and resources available to get the research done. **n**

Dr. Willington Onuh is DLSU-D’s assistant vice chancellor for research. Former dean of the University’s College of Business Administration and Accountancy from 2006-2011, Onuh is a professor of Economics and fulltime faculty at DLSU-D’s College of Business Administration and Accountancy from 2000 to 2006. He holds a Doctor of Philosophy degree in Development Studies (major in Economics) from De La sale University-Manila and received a Certificate in Advanced Development Management Program from Sophia University, Tokyo, Japan (1994).

He was a visiting researcher at the Institute of Comparative Culture, Sophia University (1993-1995); visiting professor at the Social Science Research Institute, International Christian University, Mitaka, Tokyo (2004); visiting research fellow at the Institute of Developing Economies and Japan External Trade Organization (2005); and visiting professor at the School of Economics and Business Administration, St. Mary’s College of California in 2008 and 2009.

Bakit ba hindi na lamang Enero–Setyembre ang klase sa mga paaralan?

o p i n y o n

Ni Orlando A. Oliveros

Ilang taon na ring isyu ito: Kung kailan nga ba dapat magsimula ang araw ng pasukan sa eskwela. Sa Setyembre nga ba, gaya ng kalendaryong pang-akademiko na sinusunod sa Estados Unidos? O Agosto, gaya ng kalendaryong sinimulan nitong 2014 sa University of the Philippines System at Ateneo de Manila University? O panatilihin pa rin ito sa Hunyo, na makailang beses na rin namang pinupuna dahil nga kasabay rin nito ang pagsisimula ng tag-ulan dito sa Pilipinas?

Dalawang artikulo sa pahayagang *Philippine Daily Inquirer* ang nailathala (noong Agosto 26, 2012) bilang pagtalakay sa usaping ito. Ang mga ito ay ang “*September opening of classes: It’s about time*” ni Sen. Franklin Drilon, at ang “*Roces tried, scrapped it in ‘60s*” ni Billy Formoso.

Maganda naman ang intensyon ni Sen. Drilon kung bakit gusto niyang ilipat sa Setyembre ang pagbubukas ng mga klase. Nakakaawa nga naman kasi ang mga bata sa tuwing maulan at inaabot sila ng baha at kawalang-masasakyan sa daan. Ang kaso, iisa lang naman ang iniunlad nito mula sa kasalukuyang kalendaryo: maiiwasan lang nito ang mga naunang tatlong buwan (Hunyo, Hulyo at Agosto) ng Tag-ulan, *ergo*, mababawasan ang mga araw na walang pasok dahil dito.

Mas kakaunti ang mga matitinding bagyong humahagupit sa Pilipinas sa mga buwan ng Hunyo, Hulyo at Agosto. Ang siste, ang mga buwang ito pa ang hindi iniwasan ng kalendaryong sinusunod ngayon ng UP System at Ateneo de Manila University.

‘Yun nga lang, hindi naman nito naiwasan ang mas maulang panahon ng Setyembre, Oktubre, Nobyembre, at Disyembre kung kailan mas malalakas ang mga bagyo at mas madalas na tumatama ang mga ito sa kalupaan ng Pilipinas.

Panahon ng bagyo

Ayon sa website na *typhoon2000.com*, mula 1990 hanggang 2009, ang pinakamalalakas na mga bagyong tumama sa Pilipinas ay sina Ruping (Nob. 10-14, 1990), Uring (Nob. 2-7, 1991), Rosing (Okt. 30-Nob. 4, 1995), Loleng (Okt. 14-24, 1998), Reming (Nob. 26-Dis. 1, 2006), Frank (Hun. 18-23, 2008), at Pepeng (Set. 30-Okt. 11, 2009).

Samantala, ayon sa *website* na *Wikipedia*, ang mga bagyong nagdulot ng pinakamalalaking pinsala at gastos sa bansa ay ang mga sumusunod: Yolanda (Nob. 3-11, 2013; P89.6 bilyon), Pablo (Nob. 25-Dis. 9, 2012; P42.2 bilyon), Pepeng (Okt. 2-10, 2009; P27.3 bilyon), Pedring (Set. 26-28, 2011; P15 bilyon), Frank (Hun. 20-23, 2008; P13.5 bilyon), Ondoy (Set. 25-27, 2009; P11 bilyon), Ruping (Nob. 10-14, 1990, P10.8 bilyon), Rosing (Okt. 30-Nob. 4, 1995; P10.8 bilyon), Kadiang (Okt. 2-6, 1993; P8.75 bilyon), at Juan (Okt. 18-21, 2010; P8.32 bilyon). (*Tingnan ang graphs sa kasunod na pahina.*)

Kung isasama nating suriin ang mga bagyong dumating sa bansa kamakailan lamang, mapapansin natin na tanging ang mga bagyong “Frank” (Hun. 20-23, 2008) at “Glenda” (Hul. 13-16, 2014) lamang ang tumama sa

Pilipinas BAGO mag-Setyembre. Ibig sabihin, MAS KAKAUNTI ang mga matitinding bagyong humahagupit sa Pilipinas sa mga buwan ng Hunyo, Hulyo at Agosto. Ang siste, ang mga buwang ito pa ang hindi iniwasan ng kalendaryong sinusunod ngayon ng UP System at Ateneo de Manila University.


Naninibago

Pero bakit nga ba parang doble (o kung minsan, triple pa) ang hirap na nararanasan ng mga Pilipino sa panahon ng pasukan tuwing Hunyo?

Ang paliwanag dyan, sa aking palagay, ay may kinalaman sa “paninibago” ng mga tao sa pagsapit ng ganitong panahon. Naninibago saan?

Unang-una, sa paggising sa umaga. Noong bakasyon kasi, tanghali nang magsigising ang mga bata, at hindi rin gaano maaga gumising ang kanilang mga magulang kahit pa may pinapasukang trabaho ang mga ito.

Pero pagdating ng pasukan, kinakailangan ng mga magulang na gumising nang mas maaga kaysa sa



Ang sampung pinakamalalakas na bagyong humagupit sa Pilipinas simula taong 2000 ayon sa bilang ng mga namatay (itaas na graph) at ayon sa halaga ng pinsala (ibabang graph).

source: www.gmanetwork.com infographic



nakasanayan nila noong bakasyon. Bakit? Dahil kailangan pa nilang ihanda ang mga bata sa pagpasok sa eskwela: ang almusal at baon ng mga ito, ang uniporme at mga gamit pang-eskwela, ang paghatid-sundo sa mga ito, atbp. Ang mga bagay na ito, kasabay ng sarili nilang paghahanda sa pagpasok sa trabaho, ay mga alalahaning kailangan nilang makasanayang muli sa pagbubukas ng paaralan tuwing Hunyo.

Ang siste, hindi lamang dito nagtatapos ang *adjustment* na kailangan nilang gawin. Dahil Hunyo ang simula ng Tag-ulan, paglabas ng mga magulang at ng mga bata mula sa kanilang bahay, kailangan naman nilang bunuin ngayon ang buhos ng ulan, ang maputik o ‘di kaya’y bahang kalsada, ang mabigat na daloy ng trapiko (dahil pasukan na ulit sa mga eskwela), at kung minsan ang kawalan ng masasakyan.

Tuloy, ang mga magulang hindi

sundan sa pahina 22

*Kawawa naman daw
ang mga pasyalan,
ang mga beach at
swimming pool resort
dahil hihina raw ang
turismo sa bansa.
Pero ang tanong: May
kinalaman ba talaga
ang mga eskwelahan
sa 'problemang' ito?
Sa pagkakatanda
ko, problema ito ng
Department of Tourism,
HINDI ng DepEd.*

maiwasang mag-alala. May baon bang payong ang mga bata? May ekstrang tsinelas para sa paglusob sa baha? Nakakapag-ngitngit nga naman kapag lagi ka na lang naninibago—at doble-doble pa ang sakripisyong kailangang gawin mo para rito.

Ito ang mga “hirap” na kailangang pakibagayan ni Juan dela Cruz sa tuwing magbubukas ang klase sa buwan ng Hunyo. At dahil nakaka-*high blood* nga, sino ba naman ang hindi mag-iisip na ilipat na lamang sa ibang buwan ang pagbubukas ng eskwela?

Hindi natuloy

Sinubukan na raw ito ni Alejandro Roces (dating kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon) noong 1960s. Ayon sa sanaysay ni Formoso, sinubukan daw ni Roces na gawing Setyembre hanggang Hunyo ang *school calendar* natin. Pero marami rin ang bumatikos dito kung kaya’t ‘di nagtagal ay ibinalik din ito sa dati—mas pinaboran pa rin ang kalendaryong ipinamana sa atin ng mga Kastila (sa bisa ng isang batas noong 1863) at mga Amerikano: na ang bakasyon ay dapat pumatak sa pinakamaiinit na buwan ng taon (Marso, Abril, Mayo).

Marami pang ibang kadahilanang lumutang kung bakit hindi raw dapat baguhin ang kasalukuyang kalendaryo ng eskwela.

Kawawa naman daw ang mga pasyalan, ang mga *beach* at *swimming pool resort* sa ating bansa—hihina raw ang turismo kasi raw may pasok ang mga bata ‘pag Tag-araw. At ang tradisyon ng pista at Santacruzang tiyak daw na mas pipiliin ng kabataang lumiban na lamang sa klase huwag lang hindi makalahok sa mga okasyong ito.

Pero ang tanong: May kinalaman ba talaga ang mga eskwelahan sa mga “problemang” ito? Sa huling pagkakatanda ko, problema ito ng Department of Tourism, HINDI ng DepEd. Bukod pa riyang, hindi naman mawawala ang mga tabing-dagat

natin; andyan pa rin ang mga iyan—pupuntahan at pupuntahan pa rin. Mas dapat nating pag-ukulan ng pansin ang pagkawala ng pagbabaha sa ating mga silid-aralan sa panahon ng eskwela.

At ang mga pista at Santacruzang Pilipinas ang isa sa mga bansang may pinakamaraming *holiday*. Sigurado akong magdedeklara ng “walang pasok” si Mayor o si Gob sa panahon ng pista at Santacruzang. Sila, kasama na ang kabataang Pilipino—hindi sila magpapaawat pagdating sa mga ganitong okasyon. Bakasyon man o may pasok ang mga eskwela—tuloy ang ligaya!

Mainit

Masyado nga bang mainit ang mga buwan ng Abril at Mayo kung kaya’t hirap ang mga batang matuto ng kanilang leksyon sa loob ng silid-aralan? Oo naman. Lalo na kung ang bubong ng silid-aralan ay gawa sa yero, at wala pang kisame. Syempre pa, kasalanan ito ng arkitektong nag-disenyo ng naturang silid, HINDI ng klima sa bansa.

Pero sa pangkalahatan, *valid* lamang ang argumentong ito NOON. Noon daw kasi, sa sobrang init tuwing Tag-araw, kahit ang mga opisina nagha-*half day* na lang (Dr. Maria Bernadette Abrera, *The Academic Calendar in the Philippines: A Historical Review*). Ito ‘yong mga panahong hindi pa uso ang *airconditioning* at iba pang mga pamamaraan (natural man o elektrikal) upang maibsan ang init ng sikat ng araw at ang alinsangan ng hangin.

Ang tanong: Totoo pa rin ba ito sa ngayon? Sa ngayon kasi, WALA pa akong alam na opisina o tanggapan—mapa-gobyerno man o pribado—ang napipilitang mag-*half day* ng trabaho dahil lang sa init ng panahon tuwing Tag-araw. Bukod pa riyang, para anupa’t marami tayong arkitekto at inhinyerong Pilipino at hindi natin kayang masolusyunan ito? Dangan kasi’y gawa tayo nang gawa ng mga

bahay at iba pang istrukturang hindi naman akma sa klima ng ating bansa.

Ayon nga sa kasabihan, “Mas mainam pang magsindi ng kandila sa gitna ng karimlan, kaysa isumpa ang dilim.” Ibig sabihin, kaysa magreklamo nang magreklamo tungkol sa init ng panahon, mas mainam pang solusyunan na lamang ito, lalupa’t sa panahon ngayon, napakarami nang pamamaraan para rito—mula paglalagay ng bentilasyon sa atip ng bubong ng isang gusali, pagpapalaman ng *insulator* sa kisame, hanggang sa pagtatanim ng puno at mga halaman sa paligid kahit pa sa mismong bubungan ng isang gusali.

Bukod pa rito, alin bang panahon ang mas higit na nakakagambala sa mga klase? Tag-araw o Tag-ulan? At alin ba sa dalawang problema ang mas madaling solusyunan: mainit na silid-aralan o binabagyang paaralan?

ASEAN Integration?

Sa kabila ng mga kadahilanang ito, pinili pa rin ng UP System at Ateneo na ibahin ang kalendaryong pang-akademiko nila, bagamat subok lamang daw. Ngayon nga, ang klase sa mga pamantasang ito ay Agosto-Disyembre (para sa unang semestre) at Enero-Mayo (para sa ikalawang semestre), samantalang Hunyo-Hulyo naman ang para sa mga mas maiikling kurso (o ‘yung mga nakagawian nating “*summer courses*”).

May bentahe rin naman ang kalendaryong ito kahit paano. Pinag-isa na kasi nito ang *semestral break* at

ang *Christmas break* ng mga mag-aaral. Tipid na nga naman sa pamasaha, tipid pa sa panahon. (Maliban na lang siguro kung may malakas na bagyong dumating ulit, at ilang araw o linggo na namang mawawalan ng klase ang mga bata.)

Pero ang mas pangunahing dahilan kung bakit daw nila binago ang kanilang kalendaryo ay ang ASEAN *Integration* na sisimulan ngayong 2015. [Sa ASEAN *Integration*, magkakaroon ng “malayang palitan” ng mga produkto at serbisyo (*free trade of goods and services*) ang mga bansang kasapi ng ASEAN (*Association of Southeast Asian Nations*), at kasama ang edukasyon sa tinutukoy na “serbisyo” sa *integration*.] Sa pamamagitan daw nito, mas maia-abante ng UP at Ateneo ang “internasyonalisasyon” nila.

Dito sa De La Salle University-Dasmariñas, ang mga banyagang mag-aaral ay nasa 161 ngayong pangalawang semestre (AY 2014-2015). Bumubuo sila ng 1.13 porsyento lamang ng kabuuang dami ng *enrolled students* sa Unibersidad. Ibig bang sabihin, kapag iginaya rin ng La Salle-Dasma ang kalendaryo niya sa kalendaryo ng UP at Ateneo, tiyak bang lolobo rin ang populasyon ng *foreign students* na mag-aaral dito? At kung sakaling lumobo nga, gaano naman kaya kalaki ang diperensya (*significance*) nito sa kabuuang populasyon ng Unibersidad?

Kung hindi naman ganoon kalaki (at sa tingin ko ay hindi naman nga ganoon kalaki), e karapat-dapat lang ba na

[sundan sa pahina 24](#)

Alin bang panahon ang mas higit na nakakagambala sa klase? Tag-araw o Tag-ulan?

Pangunahin pa rin dapat sa LAHAT ng paaralan ang nation building. Pangalawa o pangatlo na lamang siguro ang international relations building.

baguhin din natin ang ating kalendaryo para lang sa ganitong kadahilanan?

Isa pang tanong: Gaano karaming estudyante kaya mula sa mga bansang ASEAN ang pupunta sa Pilipinas upang piliing mag-aral sa bansa? Sa ngayon kasi, dito sa La Salle-Dasma, karamihan sa mga *foreign students* ay mula sa bansang Korea (105 estudyante), sinusundan ng India (13), Estados Unidos (8), Nigeria (8), at Japan (7), samantalang ang mga bilang ng estudyante mula sa mga bansang ASEAN ay hindi lalagpas sa lima (5) lamang.

Hindi sa minamaliit ko ang kontribusyon ng *foreign students* dito sa ating pamantasan. Sa kasalukuyan kasing estado ng DLSU-D, nasa tamang panahon na rin naman upang isipin nito ang internasyonal na reputasyon nito. Dangan lamang kasi, sa pagkakaintindi ko, pangunahin pa rin dapat sa LAHAT ng paaralan—mapa-elementarya, -sekondarya o -kolehiyo man—ang *nation building*. Pangalawa o pangatlo na lamang siguro ang *international relations building*.

Iba pang pasubali

Ikatlong pasubali. Sa pag-aaral ni Noel de Dios ng UP School of Economics, tinanong niya: Gaano nga ba ka-importante ang *school calendar* sa internasyonalisasyon at *global standing* ng UP? Ang sagot? Isang malaking “NO” (base ito sa pagkakasulat ni Solita Monsod na lumabas sa *Philippine Daily Inquirer* noong Pebrero 14, 2014).

Ibig sabihin, sa pagpili nila ng

eskwelahang mapapasukan sa ibang bansa, ang mga *international students* at *international faculty* ay HINDI naman daw tumitingin sa *school calendar* ng isang unibersidad (“*academic calendar influence is never statistically significant*”). Bagkus, mas nakaka-akit daw sa mga *international students* ang kalidad ng *research* na inilalabas ng mga guro sa nasabing pamantasan. Samantala, sa mga *international faculty* naman, mas nakakahatak daw sa kanila ang (1) kalidad ng *research* na inilalabas ng mga guro ng pamantasan, (2) dami ng naka-*enroll* na *international students*, at (3) ang *student-faculty ratio* sa silid-aralan.

Ika-apat na pasubali. Ang bagong *school calendar* na ginagamit ngayon sa UP System at Ateneo ay hindi umiwas sa mga buwang Setyembre, Oktubre, Nobyembre at Disyembre. Uulitin ko: ang mga buwang nabanggit ay panahon ng mas malalakas na bagyong tumatama sa kalupaan ng Pilipinas. Mas malaki ang tsansa na magka-aberya sa pasok sa mga eskwela sa mga ganitong buwan, at dahil dyan, posibleng ma-*extend* pa ang mga klase (ng 1st sem) kahit sa panahon ng Kapaskuhan.

Ngayon, kung ayaw nilang mag-*extend* ng klase (dahil abala na sila para sa kani-kanilang *Christmas party*), pwede rin naman sigurong sa Enero na lang sila mag-*extend*. ‘Yon nga lang, alanganin. Kasi oras na matapos na ang *extended* na 1st semester, kailangan namang magkaroon ng *sem break* (panahon para sa bigayan ng grado, pirmahan ng *clearance, enrollment* para sa ikalawang semestre, atbp.). At kailan naman kaya iyon? Sa Enero rin? Parang nakakatawang nakakainis naman ‘ata ‘yon. Kakatapos lang ng *Christmas break, break* na naman?

Dapat din sigurong tandaan ng mga taga-DepEd at mga administrador ng mga pamantasan: ‘Di hamak na MAS MARAMING BAGYO ang tumatama sa Pilipinas kaysa sa alinmang bansa sa ASEAN. Kung kaligtasan at seguridad mula sa mga bagyo at baha rin lang ang

Sa pagpili nila ng eskwelahang mapapasukan sa ibang bansa, ang mga international students at faculty ay HINDI naman daw tumitingin sa school calendar ng isang unibersidad.

pag-uusapan, mas iisipin pa siguro ng maraming *foreign students* ang mag-aral na lang sa mga ASEAN countries na hindi gaanong sinasalanta ng bagyo. Sa ibang salita, kung aspektong *safety and security* para sa mga *international students* ang pag-uusapan, baka malagay pa sa DEHADO ang reputasyon ng Pilipinas kapag lahat ng pamantasan sa bansa ay susunod sa kalendaryo ng UP System at Ateneo.

Kung tutuusin, hindi naman Pilipinas lang ang namumrublema sa klima. Oras na lumabas na ng Pilipinas ang isang bagyo, may mga pagkakataong tumatama rin ito sa mga kalapit nating bansa gaya ng Taiwan, Vietnam, Japan, atbp. Mas mapaminsala rin ang Tag-ulan sa iba pang mga bansang ASEAN. Halimbawa, itinuturing na *typhoon season* ang Setyembre-Disyembre sa Indonesia. Gayundin sa Vietnam, kung saan bukod sa pagdating ng mga bagyo mula Setyembre hanggang Nobyembre, may “taunang pagbabaha” (*annual flooding*) din sa kanilang *central coast*.

Kung talagang kailangan nating magkaroon ng ASEAN Integration sa larangan ng edukasyon, hindi ba puwedeng pumili tayo ng *school calendar* na higit na umaayon sa klima ng lahat ng mga bansa sa rehiyon?

Para sa agrikultura?

Kailan lang, inihayag ng *The Varsitarian* (opisyal na publikasyong pang-mag-aaral ng UST o University of Santo Tomas) sa kanilang editoryal (“*Academic calendar shift is pro-Philippines*,” Disyembre 5, 2014) na, higit pa sa usaping globalisasyon at ASEAN integration, sang-ayon daw sila sa pagpapalit ng *school calendar* nila dahil “maka-Pilipinas” daw ito.

Kaya naman para sa AY 2014-2015, imbes na sa buwan ng Hunyo, ang klase sa UST ay nagbukas noong Hulyo. Sa susunod na taon (AY 2015-2016), iuuring muli ng UST ang pagbubukas nila ng klase sa Agosto, katulad na rin ng sa UP System at Ateneo de Manila.

Pero bakit nga ba nila nasabing “maka-Pilipinas” ang kanilang binagong *school calendar*? E kasi raw,

ita-tama raw nito ang “*historically lopsided*” na mga polisiya laban sa pag-aagrikultura sa bansa.

“*Socio-economic policies of the Philippines have historically been against its main strength—agriculture. Our educational system has raised an overpopulation of lawyers, executives, clerks, bureaucrats, careerists, and white-collar workers. Meanwhile, the engineers and physicians, nurses, health and other professionals that we need have found more gainful living abroad because of the low payment they receive here so that the labor department is now thinking of importing foreign workers to fill in the brain drain in those very important professions. Meanwhile our agricultural lands languish or are being given over to greedy developers*” (*The Varsitarian*, Disyembre 5, 2014).

Muling binuhay ng *The Varsitarian* ang pananaw ni Roces noong 1960s na mas makakatulong sa ekonomiya ng bansa kung sa tuwing Tag-ulan, nasa bakasyon ang mga bata at katukulong ng kanilang pamilya sa panahon ng pagtatanim (mga buwang Hunyo-Agosto).

Pero mas akma lamang ang pananaw na ito NOON—noong hindi pa ganun kaunlad at ka-popular ang kaalaman at teknolohiya sa larangan ng pag-aagrikultura. Sa ngayon kasi, ang panahon ng pagtatanim ay hindi na tuwing Hunyo-Agosto lamang. Dumidepende ito sa maraming bagay: kung anong tipo ng klima mayroon ang isang lugar (mayroong *Type 1* hanggang *Type 4*); kung *upland*, *lowland* o palagad ba ang lugar na pagtataniman; kung anong klase ba ng pananim ang ipupunla sa lupa; kung may irigasyon (patubig) ba ang taniman; atbp.

Halimbawa, sa Nueva Ecija (itinuturing na “*Rice Bowl*” ng bansa), maraming palayan ngayon ang mayroon nang irigasyon kung kaya naman dalawang beses sa isang taon daw kung magtanim ng palay ang mga magsasaka roon. Una, tuwing Agosto—kapag tuloy-tuloy na ang

sundan sa pahina 26

Kung talagang kailangan nating magkaroon ng ASEAN Integration, hindi ba puwedeng pumili tayo ng school calendar na umaayon sa klima ng lahat ng mga bansa sa ASEAN region?

Ang academic
calendar na
Enero-Setyembre
ay mas nakabase
sa aktuwal na
pangangailangan
ng mga
mag-aaral at sa
pangmatagalang
kapakinabangan
ng sambayanan.

pag-uulan at nakalubog na nang bahagya sa tubig ang mga palayan. Pangalawa, tuwing Disyembre—gamit ang patubig na nagmumula sa Anggat Dam. [Paunawa: ang impormasyong kababasa n'yo lamang ay mula sa aming kapit-bahay na nagpapatanim ng palay sa kaniyang lupain sa Nueva Ecija.]

Sa *upland* ng Davao del Norte naman, ang pagtatanim daw ng palay ay tuwing Abril at Mayo. Ito naman ay ayon sa report ng Department of Agriculture na “*Costs and Returns: Palay Production by Seed Type and Class in Nueva Ecija, Leyte and Davao del Norte*” (Bureau of Agricultural Statistics, Mayo 2006). Marahil, tanging ang mga bukirin na lamang na nakadepende sa biyaya ng Tag-ulan nagtatanim ang mga magsasaka tuwing Hunyo-Agosto.

Pero ang tanong: Bakit ba sa pag-aagrikultura isesentro ang usapin ng kalendaryong pang-akademiko? Gaya ng argumento ko sa posibleng suliranin ng turismo sa bansa sakaling mapalitan ang kasalukuyang *school calendar*, ang problema ng bansa sa pag-aagrikultura ay HINDI dapat pasanin ng DepEd o ng mga eskwelahan. Ergo, bago siguro natin isa-alang-alang ang kapakanan ng mga magsasaka sa usaping ito, siguro mas dapat na isipin muna natin ang kapakanan ng mga mag-aaral. Sa palagay ko, sa ngayon, maraming mag-aaral ang hindi na naman galing sa pamilyang nagsasaka. *At least*, sa ngayon.

Enero-Setyembre

Dadako na ako ngayon sa ipinapanukala kong *school calendar*. Sa kalendaryong ito, magbubukas ang klase sa unang linggo ng Enero at magtatapos nang Setyembre (nasa 36 na linggo, naka-awas na ang isang linggong bakasyon para sa Mahal na Araw at dalawang linggo naman para sa *sem break*). Sa aking palagay, ang *academic calendar* na ito ay mas nakabase sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at sa pangmatagalang

kapakinabangan na rin ng sambayanan. Dahil ito sa mga sumusunod:

(1) Tatlong buwan ng maulang panahon ang inalis sa kalendaryong ito. At higit na mainam pa, ang inalis na mga buwan (Oktubre, Nobyembre at Disyembre) ay ‘yong nasa huling bahagi ng Tag-ulan kung kailan mas madalas na tumatama sa kalupaan ng Pilipinas ang higit na malalakas na mga bagyo. Dahil d’yan, mas malaki ang tsansa na mababawasan nang husto ang bilang ng mga suspendidong araw ng klase.

(2) Hindi na doble-doble ang *adjustment* na kakaharapin ng mga magulang sa tuwing dumarating ang Tag-ulan. Sa pagsapit kasi ng Hunyo, sanay na silang gumising nang maaga (kasi nga, Enero pa lang, nakagawian na nila ang paggising nang maaga). Sanay na silang ihanda ang kanilang mga anak para sa ekwela. Sanay na rin sila sa pagbiyahe. Ang tanging *adjustment* na gagawin na lamang nila ay ang pagiging handa sa oras na magsimula na ang Tag-ulan at magsimula na ring lumitaw ang mga problemang kasabay nito (i.e. pagpuputik at pagbabaha ng mga kalsada, pagbigat ng trapiko, atbp.).

(3) Sa kalendaryong ito, ang enrollment ay papatak sa Disyembre, kung kailan MAY SAPAT NA PERA ang mga tao na mailalagak para sa edukasyon ng kanilang mga anak. [Hindi ko maintindihan kung bakit tanging ang mga *shopping malls*, tiangge, at Metro Manila Film Festival lang ang naka-isip na samantalain ang “bumabahang pera” ng mga tao tuwing Disyembre. Bakit kaya ang mga eskwelahan, hindi naisip ito?]

(4) Mas magiging “matalino” ang mga mamamayan sa paggasta ng kanilang pera. Mas mapag-iisipan nila nang husto ang kanilang mga prioridad sa buhay. Imbes na maglabis-labis na handaan tuwing Pasko at Bagong Taon, bakit hindi unahin muna ang mga gastos pang-eskwela bago maglabas ng salapi sa sobra-sobrang pagkain? Mas dapat bang unahin ang mga kwitis at



Mula sa lolindian.com



Mula sa asiafoundation.org

paputok kaysa sa mga gamit pang-eskwela? Bakit sapatos na pamasko lang?—hindi ba pwedeng sapatos na pamasko na pwedeng pamasok na rin? Pamaskong regalo sa inaanak—kung hindi man *educational* na mga laruan, bakit hindi na lang gamit sa eskwela? Ang punto nito, mas may pagkakataon ang mga magulang upang timbang-timbangin ang mga bagay-bagay bago sila gumasta. Hindi sila basta-basta na lang magiging biktima ng komersyo at takaw-matang pamimili.

(5) *Flexible* ang kalendaryong ito. Pwedeng matapos agad sa mas maikling panahon ang eskwela dahil nga hindi naman nito sakop ang mga mahahabang *holiday* (i.e. Pasko at Bagong Taon). Kung sakali mang kailanganing *i-extend* ang kalendaryo (dahil sa mga *class suspension* dulot ng pagbabaha sa simula ng Tag-ulan, halimbawa), wala ring problema. Setyembre kasi ang huling buwan nito—hindi alanganing buwan gaya ng Disyembre.

(6) Ang *semestral break* sa ipinapanukala kong *school calendar* ay papatak sa kalagitnaan ng buwan ng Mayo, kung kailan ginaganap ang mga pambansang eleksyon. Ang lalong ikinainam pa nito, bago pa sumapit ang araw ng eleksyon, ang mga mag-aaral na botante (edad 18 pataas) ay pumapasok pa sa eskwela, kung saan mas may pagkakataon silang pag-aralan o pag-usapan sa mas matalinong paraan ang tamang pagpili sa mga kandidatong kanilang iboboto.

Positibo

(7) Sa teoria (*theory*) ko, maaaring may positibong sikolohikal na epekto ang ganitong *school calendar* sa mga mag-aaral. Bakit? Una kasi, nakasabay ang simula ng pasukan sa pagpasok ng bagong taon. Sa mga survey na isinasagawa kada katapusan ng taon, mas malimit sinasabi ng mga tao na *optimistic* sila at puno ng pag-asa tuwing papasok ang bagong taon. Itong sentimyentong ito, maaaring totoo rin sa mga estudyante pagdating sa kanilang pag-aaral. Bakit? Mas madali kasing maging *optimistic* sa isang bagay o adhikain kung sisimulan mo pa lang ito. Sabi nga: Bagong simula, bagong pag-asa.

Pangalawa: dahil ang mga unang buwan ng pasukan ay hindi naman inuulan—o binabaha o binabagyo o ina-aberya ng kahit na anong *class disruption*—tuluy-tuloy lang ang mga estudyante sa pagpasok nila sa eskwela. *Smooth sailing* lang, kumbaga. Hanggang sa hindi nila namamalayan, nakakailang buwan na pala sila. Dumating man ang tag-ulan at mga bagyo sa bandang huling bahagi ng *school calendar*, maa-aburido pa ba sila? Magpapa-apekto pa rin ba sila sa mga *class disruption* ng Tag-ulan samantalang ilang buwan na lang naman ang natitira at matatapos na nila ang taon?

(8) Sa panahon ng Tag-araw (Marso-Mayo), kapiling ng mga mag-aaral sa elementary at high school ang kanilang

mga guro—guro na magpapa-intindi sa kanila tungkol, halimbawa, sa *Fire Prevention Month*, o ‘di kaya, tungkol sa kanilang kalusugan, o sa pagiging handa at ligtas oras na dumating na ang panahon ng mga bagyo at pagbabaha. Sa ganang akin, mas mainam na nasa eskwelahan ang mga bata sa mga panahong nagpapalit ng *season* (Taglamig papuntang Tag-araw papuntang Tag-ulan) dahil magagabayan sila ng husto ng kanilang mga guro sa mga usaping pangkalusugan at kaligtasan (*safety*).

(9) Hindi ba’t mas mainam kung ang mga bata ay naka-bakasyon na at ligtas na nasa bahay na lamang habang nagbabanta ang mas malalakas na bagyo sa huling bahagi ng taon? Hindi ba’t mas mainam kung, sa panahon ng Kapaskuhan, ang mga eskwelahan ay hindi na nakakadagdag pa sa pagbibigat ng daloy ng trapiko sa mga pangunahing lansangan sa mga siyudad?

Mga oportunidad

(10) Ang mga buwan ng Oktubre, Nobyembre at Disyembre ay punong-puno ng pagkakaabalahan sa larangan ng negosyo at komersyo. Ibig sabihin, mas maraming oportunidad tuwing ganitong panahon para makahanap ang mga nakabakasyong estudyante ng *part-time* na trabaho o ‘di kaya’y *apprenticeship* sa mga kumpanyang

sundan sa pahina 28

hindi magkamayaw sa dami ng kanilang mga aktibidad tuwing ganitong panahon. Maaaring magtulungan ang mga eskwelahan at mga kumpanya kaugnay nito.

(11) Ang mga buwan ng Oktubre, Nobyembre at Disyembre ay mainam na panahon din upang sanayin at hasain ng mga estudyante ang kanilang *business/entrepreneurship skills*. Sa dami ng mga okasyon at *events* na nangyayari tuwing ganitong panahon, magandang pagkakataon ito para matutunan ng mga bata ang kahalagahan ng pagsisikap, tapat na pagtatrabaho, at kitang pinaghirapan sa malinis na paraan. Gaya ng sa (10), maaari ring magtulungan ang mga eskwelahan at mga kumpanya para rito. Maaaring magbukas ng mga maiikling kurso tungkol sa pagnenegosyo ang mga eskwelahan, katuwang ang mga kinatawan ng iba't ibang industriya.

(12) Bukod sa mga *part-time* na trabaho, negosyo at iba pang pagkakakitaan, maaari rin namang gawing *outreach months* ang Oktubre-Disyembre. Sa kasalukuyang *school calendar* kasi, ang bakasyon ng mga bata ay tuwing Tag-araw—kung kailan mas naiisip pa ng mga kabataan ang magpunta na lamang sa *beach* at sa iba pang pasyalan. Sa ipinapanukala kong kalendaryo, ang bakasyon ng mga bata ay papatak sa panahon kung kailan maraming bagyong tumatama sa bansa. May panahon pa rin naman sila para sa pamamasyal. Pero dahil bakasyon naman at marami pa silang oras, maraming kabataan ang maaaring mahikayat o maka-isip na magboluntaryo ng kanilang oras at tulong para sa iba't ibang pagkakawang-gawa bilang katuwang ng iba't ibang kumpanya at ahensya ng pamahalaan.

(13) Kung sa kabutihang-palad ay wala namang matinding bagyo o anumang kalamidad na humagupit sa isang lugar, ang mga paaralan (lalo na 'yong mga pampublikong paaralan sa mahihirap na lugar) ay maaaring magsilbing *event centers* ng isang komunidad, lalupa't papalapit ang Kapaskuhan. Maaaring ipa-renta ang isang bahagi ng eskwelahan para sa mga pagtitipon-tipon; gawin itong pansamantalang pamilihan (tiangge, halimbawa, kung saan pwede rin magbenta ng mga pinaglumaang gamit sa eskwela); o 'di kaya'y



SUMMER ART WORKSHOP
by Alee and Nina GARIBAY

14 - 16 April 2015
AM Session: 5yo - 8yo
PM Session: 9yo - 16yo



P1,750/session
Limited to 15 participants/session

RESERVE YOUR SLOT now at
(046) 4811900 local 3151/4811940.

sentrong pang-isports o pang-kultura (na tumataguyod sa mga pinahalagang tradisyon at *values* ng isang komunidad). Ang malilikom na kita mula sa renta ay maaaring gamitin din ng paaralan para sa pagpapa-ayos ng mga sirang pasilidad nito, o 'di kaya'y pambili ng mga kagamitan o aparato na magagamit sa mas mahusay pang pagkatuto ng mga estudyante.

Ilan lamang ang mga nabanggit sa naisip kong dahilan kung bakit dito sa Pilipinas, mas mainam na ipatupad SA LAHAT NG ANTAS ang kalendaryong Enero-Setyembre. Buong kababaang-loob ko itong ipinapanukala sa kinauukulan. Nawa ay patnubayan at pagpalain tayong lahat ng Maykapal sa ating mga pagsisikap! [n](#)



De La Salle University-Dasmariñas

Marketing Communications Office
Cavite 4115 Philippines
Telefax (046) 481-1900 loc 3031
direct line (02) 844-7832 loc 3031

Rosanni Recreo-Sarile, *Director*
Frederick Agustin, *In Charge, Web Projects*
Christine Caparas, *In Charge, Special Projects*
Christopher John Catapang, *In Charge, Print Projects*
Jacquelyn Torres, *In Charge, Media Relations*
Roanne Mitschek, *Secretary*
Joseph Neil Romerosa, *In Charge, Multimedia Projects*
Orlando Oliveros, *In Charge, Publications*

Newsette welcomes contributions, comments, and suggestions from the community. Editorial deadline is 12nn, every Wednesday. E-mail articles to mco@dlsud.edu.ph.

Newsette reserves the right to screen and edit articles submitted for publication.

www.dlsud.edu.ph/mco